Department of Education
Region
Division
School

**IKALAWANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA GMRC 4**

Pangalan: ________________________________ Iskor:________________________
Baitang at Seksyon: ____________________ Petsa: ________________________

**Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.**

1. Paano makatutulong ang pakikilahok sa mga programa ng paaralan sa pag-unlad ng tiwala sa sarili ng isang mag-aaral?
   a) Napapabayaan ang ibang gawain sa bahay at eskwela
   b) Napapalawak ang kakayahan at talento ng mag-aaral
   c) Nadaragdagan ang oras ng paglalaro sa labas ng bahay
   d) Nakakalimutan ang mga tungkulin sa tahanan
2. Kung ang isang bata ay may hilig sa musika at sumali sa mga programa ng eskwela tulad ng choir o band, ano ang kanyang matutunan na makapagpapalakas ng tiwala sa sarili?
   a) Matututunan niya kung paano mag-isa sa mga pagsubok
   b) Makikilala niya ang kanyang kahinaan at hindi niya susubukan muli
   c) Makikilala at maipapamalas niya ang kaniyang talento sa harap ng iba
   d) Mahihiya siyang ipakita ang kanyang kakayahan sa iba
3. Sa isang paligsahan sa eskwela, tinulungan ng mga magulang si Miguel na maghanda para sa patimpalak sa pagtula. Ano ang pinakamahalagang matutunan ni Miguel mula rito?
   a) Na mas magaling siya kaysa sa iba kaya hindi na kailangan ang gabay ng pamilya
   b) Na ang suporta ng pamilya ay mahalaga sa pagbuo ng tiwala sa sarili
   c) Na hindi niya na kailangang makinig sa opinyon ng pamilya
   d) Na ang gabay ng pamilya ay hadlang sa kanyang kalayaan
4. Bakit mahalaga ang paggabay ng pamilya sa pagpapaunlad ng kakayahan at talento ng isang bata?
   a) Ang pamilya ang magbibigay ng kalakasan upang talunin ang mga kalaban
   b) Ang pamilya ay makakatulong sa paghubog ng tiwala sa sarili at pagpapahalaga sa talento
   c) Ang pamilya ay nagbibigay lamang ng limitasyon sa gustong gawin ng bata
   d) Ang pamilya ay naglalagay ng pamantayan na hindi pwedeng lampasan ng bata
5. Paano makatutulong ang pagpapaunlad ng talento at kakayahan ng isang mag-aaral sa pagtulong sa komunidad?
   a) Makagagawa siya ng mga proyekto para sa kanyang sariling kapakinabangan
   b) Makakapagbigay siya ng mga bagong ideya at solusyon sa mga problema ng barangay
   c) Mas mabibigyan niya ng pansin ang sarili niyang mga pangangailangan kaysa sa komunidad
   d) Hindi na niya kailangan tumulong sa komunidad dahil sa kanyang sariling interes
6. Kung ikaw ay may kakayahan sa pagguhit at sumali ka sa isang art contest na sinuportahan ng iyong pamilya, ano ang dapat mong gawin pagkatapos ng contest?

a) Magpasalamat sa suporta ng pamilya at patuloy na paghusayin ang iyong kakayahan
b) Tanggalin ang anumang kaugnayan sa pamilya dahil mas magaling ka na sa kanila
c) Huwag nang subukan muli dahil hindi mo nakuha ang unang gantimpala
d) Humingi ng premyo mula sa pamilya kahit hindi ka nanalo

7. Bakit nakakatulong sa pagbuo ng tiwala sa sarili ang pagkakaroon ng mga aktibidad sa paaralan na may kaugnayan sa hilig ng isang bata?
   a) Dahil natututo siyang hindi umasa sa iba, kahit sa pamilya
   b) Dahil nakikilala ng ibang tao ang kanyang kakayahan at talent
   c) Dahil mas nakakaipon siya ng mga bagong gamit at materyal
   d) Dahil naipapakita niya ang kanyang mga talento sa pamilya at mga kaibigan nang walang takot
8. Ang iyong pamilya ay may alituntunin na dapat maglinis ng bahay tuwing Sabado. Napansin mo na may mga gawain kang hindi naisasagawa nang maayos. Ano ang iyong gagawin upang maisakatuparan ito nang may kalidad?
   a) Magmadali upang matapos agad ang mga gawain
   b) Hahayaan ang ibang miyembro ng pamilya na tapusin ang hindi mo nagawa
   c) Humingi ng tulong at mungkahi sa iyong pamilya upang mapahusay ang paglilinis
   d) Hihintayin na lang ang susunod na linggo upang magawa ito nang buo
9. Sa inyong tahanan, ikaw ang inatasang maghugas ng pinggan. Madalas ay kulang ang oras mo dahil sa iba pang gawain. Ano ang magandang hakbang upang magawa ito nang may tiyaga at kalidad?
   a) Humiling na palitan ka ng ibang miyembro ng pamilya
   b) Gawin ito ng mabilis kahit hindi malinis upang matapos kaagad
   c) Pagplanuhan ang oras ng paggawa at tanggapin ang mga mungkahi ng pamilya upang mapadali ang gawain
   d) Iwasan ang tungkuling ito at maghanap ng iba pang gawain
10. Nanghihingi ng mungkahi ang iyong nakababatang kapatid sa tamang paraan ng pagtutupi ng damit. Paano mo maipapakita ang tiyaga sa pagtuturo sa kanya?
   a) Papagalitan siya kapag hindi niya agad natutunan
   b) Ipapakita sa kanya ng isang beses lamang at hayaan siyang matuto mag-isa
   c) Tuturuan siya nang paulit-ulit at tatanggap ng mungkahi mula sa kanya kung paano siya mas madaling matututo
   d) Hahayaan na lamang siya at gagawin mo na lang ang gawain para sa kanya
11. Bilang isang responsableng kasapi ng pamilya, paano mo maipapakita ang pagtanggap sa mungkahi ng iyong mga magulang tuwing kayo ay nagtutulungan sa pagluluto ng pagkain?
   a) Gagawin ang mungkahi ngunit magmamadali upang matapos agad
   b) Hindi papansinin ang mungkahi dahil alam mo na ang tamang paraan
   c) Tatanggapin ang mungkahi at isasagawa ito nang buong tiyaga kahit mahirap
   d) Ipagpapaliban ang pagsunod sa mungkahi at gagawin ang gusto mo
12. May ipinapagawa ang iyong mga magulang na mahirap para sa iyo, ngunit sa tingin mo ay magtutulungan kayo bilang pamilya. Ano ang dapat mong gawin upang matapos ito nang may kalidad?
   a) Humingi ng payo at mungkahi mula sa pamilya upang malaman ang pinakamadaling paraan
   b) Gawin ang gusto mong paraan kahit may mas maginhawang mungkahi ang iba

c) Iwasan ang gawain dahil mahirap ito
d) Sabihin sa pamilya na hindi mo ito kayang gawin at hayaan silang tapusin ito

13. Paano mo ipapakita ang kahalagahan ng pakikinig sa mungkahi ng bawat miyembro ng pamilya upang mapadali ang mga gawain sa bahay?
a) Tanggapin ang mungkahi at suriin kung ito ay makakatulong sa iyo sa paggawa ng gawain nang maayos
b) Palaging tanggihan ang mungkahi dahil mas alam mo kung ano ang dapat gawin
c) Humingi ng mungkahi ngunit gawin pa rin ang gusto mong paraan
d) Pabayaan na lang ang iba na magbigay ng mungkahi kahit hindi mo ito isasagawa

14. Sa tuwing magkakaroon ng problema sa paghahati ng mga gawaing-bahay, paano mo gagamitin ang mungkahi ng pamilya upang mas maging epektibo ang inyong pagtutulungan?
a) Magmungkahi ng bagong paraan ng paggawa at tatanggap ng payo mula sa pamilya kung paano ito mapapabuti
b) Gawin ang mga gawain nang mag-isa at huwag nang humingi ng tulong o mungkahi
c) Ipagpaliban ang mga gawaing-bahay at hintayin na lang ang mungkahi ng iba
d) Hindi tatanggap ng mungkahi at gagawin ang trabaho ayon sa iyong sariling paraan

15. Kung may kaklase kang mabagal sumagot sa recitation at napapansin mong naiirita na ang iba, ano ang pinakamabuting paraan ng pagpapakita ng pagpapasensiya? a. Sabihin sa kaklase na bilisan ang pagsagot
b. Iwasan ang kaklase para hindi na sumagot
c. Hayaan siyang sumagot sa sarili niyang oras at bigyan ng suporta
d. Huwag nang bigyan ng pagkakataon na sumagot ang kaklase

16. Sa tahanan, paano mo maipapakita ang natutunan mong maayos na komunikasyon mula sa iyong pamilya kapag ikaw ay nakikipag-usap sa mga kaibigan? a. Makipag-usap nang pasigaw upang marinig ka agad
b. Maging mapanuri at alamin muna ang damdamin ng kausap bago magbigay ng opinyon
c. Pagsalitaan ng masakit ang kaibigan kapag hindi ka sang-ayon
d. Iwasan ang pakikipag-usap kapag galit

17. Natutunan mo mula sa iyong mga magulang na mahalaga ang pagsasaalang-alang sa damdamin ng iba. Paano mo ito ipapakita kapag nakarinig ka ng mga balitang hindi maganda tungkol sa kaklase mo?
a. Sabihin agad ang balita sa ibang mga kaibigan
b. Alamin muna kung totoo ang balita bago magbigay ng komento
c. Ipagkalat ang balita sa buong klase
d. Sabihin sa kaklase ang narinig mo upang hindi na siya magalit sa iyo

18. Kapag ang kapatid mo ay umiiyak dahil hindi natapos ang kaniyang takdang-aralin, paano ka makakapagsalita na nagpapakita ng pagpapasensiya at pag-unawa?
a. Sabihin na kasalanan niya dahil hindi siya nagplano
b. Tawanan ang kapatid para mawala ang lungkot
c. Alok ng tulong at ipaliwanag na hindi lahat ng bagay ay laging madali
d. Iwasan ang kapatid at hayaan siyang mag-isa

19. Kung ikaw ay pinagalitan ng iyong magulang dahil hindi ka sumunod sa utos, ano ang tamang paraan ng pagtugon?
a. Sumigaw at magalit pabalik sa kanila
b. Humingi ng tawad at subukang intindihin ang kanilang sinabi

c. Tumahimik at iwasan ang mga magulang buong araw
d. Pagdiskitahan ang ibang tao para mailabas ang sama ng loob

20. Habang ikaw ay nasa palengke, napansin mong may nag-away na dalawang tindera dahil sa hindi pagkakaintindihan. Ano ang nararapat mong gawin upang ipakita ang maayos na komunikasyon at pagpapasensiya?
a. Pakinggan ang away upang malaman kung sino ang mali
b. Makialam at magsabi ng kung sino ang tama
c. Manatiling kalmado at alok ng tulong para maayos ang kanilang pinag-aawayan
d. Umalis at hayaan na lang silang mag-away

21. Sa inyong klase, may kamag-aral kang madalas napapagalitan dahil hindi niya nagagawa ang takdang-aralin. Paano ka makakatulong gamit ang mga natutunan mo tungkol sa maayos na komunikasyon at pagpapasensiya?
a. Tulungan siyang unawain ang leksyon at alok na gabayan siya
b. Isumbong siya sa guro para matuto siya ng leksyon
c. Sabihan siya ng masasakit na salita para magising siya sa katotohanan
d. Huwag siyang pansinin at hayaan siyang mag-isa

22. Sa isang sitwasyon kung saan nagkaroon ng hindi pagkakaintindihan sa pagitan ng magkakapatid, paano mo maipapakita ang pagiging masunurin at mapagkalinga bilang isang Kristiyanong miyembro ng pamilya?
a. Pipiliin mong huwag nang makialam upang hindi lumala ang sitwasyon.
b. Magbibigay ka ng payo na huwag mag-away at yayayain sila na maglaro na lang.
c. Aayusin mo ang gulo sa pamamagitan ng pagpapatahimik sa kanila at pagpapatawad.
d. Magsusumbong ka agad sa magulang upang may sumaway sa kanila.

23. Sa araw ng linggo, hinihikayat kayo ng mga magulang mo na mag-simba bilang isang pamilya. Ngunit may inaasikaso ka pang ibang bagay. Ano ang pinakaangkop na gawin bilang pagsunod at pagpapakita ng aral mula sa pananampalataya?
a. Sasabihin mo sa magulang na hindi ka makakapunta dahil abala ka.
b. Magpapanggap kang may sakit upang maiwasan ang pagsisimba.
c. Ipapaalam mong matatapos mo ang iyong gawain pagkatapos ng misa at sasama ka sa kanila.
d. Sasama ka ngunit palihim kang gumagawa ng iba habang nasa simbahan.

24. Kung ang iyong kapatid ay nagagalit dahil hindi siya pinayagang maglaro sa labas ng bahay, paano mo siya matutulungan na maipakita ang tamang pakikitungo sa magulang at maiwasan ang galit?
a. Sabihin sa kanya na lumabas nang hindi nagpapaalam sa magulang.
b. Sabihan siya na magpahinga muna at maghintay hanggang sa payagan siya ng magulang.
c. Ituro sa kanya ang tamang oras para makipag-usap ng maayos sa magulang.
d. Sabayan mo siyang magalit upang marinig ang kanyang boses.

25. Habang kumakain ng hapunan, napansin mo na laging nauunang kumain ang mga nakatatanda. Ano ang dapat mong gawin bilang pagpapakita ng pagpapahalaga at pagsunod sa kultura ng pamilya?
a. Iwasan na lamang ang pagkain kasabay nila upang hindi na magulo ang hapag-kainan.
b. Sumunod sa kanila at kumain pagkatapos nilang magsimula.
c. Uunahan mo na silang kumain dahil nauuna naman sila palagi.
d. Hintayin mo silang matapos upang ikaw na lang ang magligpit ng mga plato.

26. Kapag pinagsabihan ka ng magulang mo tungkol sa iyong gawain sa bahay, ano ang pinaka-mabuting tugon na nagpapakita ng paglalapat ng aral mula sa pananampalataya sa inyong pamilya?
a. Sasagutin mo sila upang ipagtanggol ang iyong sarili.

b. Tahimik kang makikinig at susundin ang kanilang sinabi.
c. Ipagpapaliban mo ang kanilang utos dahil sa tingin mo, hindi naman mahalaga.
d. Maghahanap ka ng dahilan para hindi sumunod sa kanilang sinabi.

27. Kung makakakita ka ng isang miyembro ng pamilya na nahihirapan sa kanyang gawain, paano mo maipapakita ang pagiging masunurin at mapagkalinga bilang isang mabuting Kristiyano?
a. Hahayaan mo siya para matuto siya sa kanyang sariling paraan.
b. Maghihintay ka na lang na hingin niya ang tulong mo.
c. Kusang-loob kang tutulong kahit hindi siya humihingi ng tulong.
d. Ipagpapaliban mo ang pagtulong dahil may sarili ka ring gawain.

28. May nakitang hindi pagkakaunawaan ang iyong magulang at kapatid tungkol sa mga gawaing bahay. Paano mo ipapakita ang mapagkalingang pakikitungo at pagsunod sa inyong pamilya?
a. Magsusumbong ka sa ibang kapamilya upang masolusyunan ang problema.
b. Tutulungan mo silang makahanap ng mapayapang solusyon sa kanilang alitan.
c. Pipiliin mong manahimik at hayaan silang mag-usap ng walang pakialam.
d. Makikialam ka sa gulo at maninindigan sa kung sino ang tama.

29. Ang inyong pamilya ay nagkaroon ng proyekto para sa barangay upang maglinis ng isang lokal na ilog. Bilang bahagi ng proyektong ito, paano mo maipapakita ang pagiging mabuting katiwala ng kalikasan at pagpapanatili ng kalinisan ng tubig?
a) Magkakalat ng basura sa tabi ng ilog matapos ang proyekto
b) Gumamit ng plastik na bote at itapon ito sa ilog
c) Ipapaliwanag sa mga kasama kung paano makakatulong ang tamang pagtatapon ng basura sa pagpapanatili ng malinis na tubig
d) Manonood lang habang nagtatrabaho ang iba

30. Sa inyong bahay, paano ka makakatulong sa pamilya upang mapanatili ang kalinisan ng tubig?
a) Itatapon ang mga tirang pagkain sa lababo
b) Tiyakin na hindi nasasayang ang tubig sa pamamagitan ng pagsara ng gripo kapag hindi ginagamit
c) Hahayaan ang tubig na tuluy-tuloy na dumaloy habang naglalaba
d) Maghuhugas ng sasakyan araw-araw gamit ang napakaraming tubig

31. Sa iyong barangay, may mga gawain para sa paglilinis ng mga kanal upang hindi magbara at magdulot ng baha. Ano ang pinakamainam na paraan ng pakikilahok mo at ng iyong pamilya upang mapanatili ang kalinisan ng tubig?
a) Hayaan ang iba na maglinis at hindi makialam
b) Itapon ang basura sa mga kanal kahit nalinis na
c) Mag-volunteer na tumulong sa paglilinis at ipaliwanag sa iba ang kahalagahan nito
d) Maghintay na lamang sa utos ng kapitan ng barangay bago kumilos

32. Kung napansin mo na ang iyong pamilya ay madalas magtapon ng mga kemikal, tulad ng labis na sabon at detergent, sa mga kanal, ano ang dapat mong gawin upang maipakita ang pagiging mabuting katiwala ng kalikasan?
a) Hikayatin silang gumamit ng natural at eco-friendly na produkto upang mabawasan ang kontaminasyon ng tubig
b) Hayaan sila dahil bahagi na iyon ng pang-araw-araw na gawain
c) Gumamit ng mas maraming sabon para mas maging mabula ang tubig
d) Magtapon ng mga hindi nagamit na kemikal sa likod ng bahay

33. Paano mo maipapaliwanag sa iyong mga kaibigan ang kahalagahan ng pag-iwas sa pagtatapon ng basura sa mga anyong tubig tulad ng ilog at lawa?
a) Sasabihin mo na wala namang masamang epekto ang pagtatapon ng basura sa mga ilog
b) Ibabahagi mo na ang pagtatapon ng basura sa tubig ay nagdudulot ng

polusyon at nagpapahirap sa ibang tao at hayop
c) Hahayaan mo na lang sila dahil hindi mo sila responsibilidad
d) Magtapon din ng basura kasama nila upang hindi ka mapahiya

34. Ang inyong pamilya ay nagdesisyon na magpatayo ng rainwater collector upang magamit ang tubig-ulan. Paano ito makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan ng tubig at sa pagiging mabuting katiwala ng likas na yaman?
a) Magagamit ang tubig-ulan para sa iba't ibang gawain nang hindi nasasayang ang tubig mula sa gripo
b) Magiging sanhi ito ng mas maraming basura sa inyong tahanan
c) Magiging mas madumi ang tubig dahil sa ulan
d) Mas gugustuhin ninyong magbayad na lamang ng mas mataas na bayarin sa tubig

35. Paano ipinapakita ng isang pamilya ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga kaugaliang Pilipino?
a. Sa pamamagitan ng pag-aalaga ng mga hayop sa kanilang bakuran.
b. Sa pagtuturo ng mga anak na igalang ang watawat ng Pilipinas at sumunod sa pambansang awit.
c. Sa pagbibigay ng regalo tuwing pista.
d. Sa pagpapalago ng negosyo sa labas ng bansa.

36. Ano ang pinakamahalagang paraan upang mapalakas ang damdaming makabayan sa mga kabataan sa loob ng pamilya?
a. Pagtuturo ng mga kaugalian tulad ng pagmamano at paggalang sa nakatatanda.
b. Pagsusuot ng damit na may mga simbolo ng Pilipinas.
c. Pagpunta sa mga sikat na lugar para makilala ng iba.
d. Pagbili ng mga imported na produkto para maging maunlad.

37. Bakit mahalaga ang pagsunod sa mga kaugaliang Pilipino, tulad ng pagtutulungan sa tahanan, sa pagpapatatag ng pamilya?
a. Dahil nagiging mas maligaya ang bawat miyembro.
b. Dahil ito ay isang paraan upang matulungan ang pamahalaan.
c. Dahil nagpapakita ito ng pagkakaisa at pagmamalasakit sa isa't isa.
d. Dahil nagiging mas kilala ang kanilang pamilya sa komunidad.

38. Ano ang isang halimbawa ng pagsasabuhay ng pagmamahal sa bayan sa tahanan gamit ang mga kaugaliang Pilipino?
i. Pagpapakita ng disiplina sa paggawa ng mga gawaing-bahay.
b. Pagsusuot ng mga tradisyonal na kasuotan tuwing piyesta.
c. Pagtuturo ng wikang banyaga sa mga anak.
d. Pag-iimbak ng mga produktong banyaga sa bahay.

39. Paano nakakatulong ang mga gawaing bayanihan sa pagpapatatag ng pamilya at pagpapakita ng pagmamahal sa bayan?
a. Sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga bata ng pagtutulungan at paggalang sa kapwa.
b. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng pera sa komunidad.
c. Sa pag-imbita ng mga kaibigan sa bahay para magdiwang.
d. Sa paggawa ng mga proyekto nang walang pakikipagtulungan sa iba.

40. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng kaugaliang Pilipino kahit wala ka sa loob ng inyong tahanan?
a. Sa pamamagitan ng pagbili ng mga imported na gamit sa eskwelahan.
b. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga kaugalian tulad ng paggalang sa guro at pakikilahok sa mga proyekto ng pamayanan.
c. Sa pagkuha ng litrato ng mga paborito mong lugar sa Pilipinas at

pag-post nito sa social media.
d. Sa pagpapakita ng pagiging mabait sa mga turista na bumibisita sa inyong bayan.

**SUSI SA PAGWAWASTO**

1. **B**
2. **C**
3. **B**
4. **B**
5. **B**
6. **A**
7. **D**
8. **C**
9. **C**
10. **C**
11. **C**
12. **A**
13. **A**
14. **A**
15. **C**
16. **B**
17. **B**
18. **C**
19. **B**
20. **C**
21. **A**
22. **C**
23. **C**
24. **B**
25. **B**
26. **B**
27. **C**
28. **B**
29. **C**
30. **B**
31. **C**
32. **A**
33. **B**
34. **A**
35. **B**
36. **A**
37. **C**
38. **A**
39. **A**
40. **B**

**TALAAN NG ISPESIPIKASYON**
**IKALAWANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA GMRC 4**

| Learning Competencies | No. of Days | Percent age | No. of Items | Item Placement Under Each Cognitive Domains | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | Remembering | Understanding | Applying | Analyzing | Evaluating | Creating |
| *Naisasabuhay ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng paglahok sa mga programang pampaaralan na nagpapaunlad ng mga kakayahan, talento at hilig nang may paggabay ng pamilya* | 7 | 17.5% | 7 | | 1 2 3 4 | 5 6 7 | | | |
| *Nakapagsasanay ng pagiging matiyaga sa pamamagitan ng palagiang paggawa ng mga gawaing bukas sa mungkahi ng miyembro ng pamilya* | 7 | 17.5% | 7 | | | 8 9 10 | 11 12 13 14 | | |
| *Nakapagsasanay sa pagiging mapagpasensiya sa pamamagitan ng angkop na pananalita at pagtugon sa kapuwa nang may pagsasaalang-alang sa damdamin ng kapuwa* | 7 | 17.5% | 7 | | | 15 16 17 | 18 19 20 21 | | |
| *Naipakikita ang pagiging masunurin sa pamamagitan ng mapagkalingang pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya* | 7 | 17.5% | 7 | 22 23 24 25 | | 26 27 28 | | | |
| *Napagsisikap sa pagiging mabuting katiwala sa pamamagitan ng paglahok sa mga gawain ng pamilya na nagpapanatili ng kalinisan ng tubig* | 6 | 15% | 6 | | 29 30 31 | | | 32 33 34 | |
| *Nakapagsasanay sa pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pagtugon sa pagpapatatag ng mga gawi sa pamilya ayon sa kaugaliang Pilipino* | 6 | 15% | 6 | 35 36 | 37 38 | | | 39 40 | |
| **TOTAL** | 40 | 100% | 40 | 6 | 9 | 12 | 8 | 5 | 0 |

Prepared by:

**YOUR NAME**
*Teacher III*

Contents Checked:

**NAME**
*Master Teacher I*

**PRINCIPAL'S NAME**
*Principal*

Contents Noted:

**NAME**
*Public Schools District Supervisor*

Contents Checked/Verified:

**NAME**
*Education Program Supervisor*